

Ang ligtas at hassle-free na karanasan sa pagboto: Isang praktikal na gabay.

Para sa mga espesyal na eleksyon na gaganapin sa 2021, ang lahat ng mga nakarehistrong botante ay papadalhan ng isang balota. Bisitahin ang sdvote.com para tingnan kung kayo ay karapat-dapat na bumoto sa darating na espesyal na eleksyon.

Ang pagboto sa pamamagitan ng koreo ay makakatulong para bawasan ang paglantad sa **COVID-19** habang pinapayagan kayong gamitin ang inyong karapatan na bumoto. Upang protektahan ang kalusugan at kapakanan ng lahat ng mga taga-San Diego, hinihikayat namin kayong botohan ang inyong balotang pangkoreo mula sa inyong tirahan nang ligtas at komportable.

Narito ang ilang mga estratehiya na makakatulong sa proseso ng pagboto upang hindi lamang gawing mas ligtas, ngunit mas maginhawa.

BERIPIKAHIN ANG INYONG REHISTRASYON NG BOTANTE

Kayo ba ay lumipat o nagpalit ng inyong pangalan? Kung bago kayo sa County ng San Diego o lumipat lamang sa ibang kalye, kailangan ninyong muling magparehistro para makaboto.

Siguraduhing ipapakoreo ng Tagapagrehistro ng mga Botante ang inyong balota sa tamang adres. Beripikahin ang inyong adres ng tirahan at, kung naiiba, inyong adres pangkoreo. Maaari ninyong beripikahin ang inyong impormasyon ng botante, magparehistro o muling magparehistro para makaboto online. [Kumilos na!](#)

BUMOTO NANG MAS LIGTAS SA TIRAHAN



Ang mga balotang pangkoreo ay ipapadala sa mga karapat-dapat na nakarehistrong botante ng hindi lalampas sa 29 na araw bago ang Araw ng Eleksyon. Kung nagawa ninyong napapanahon ang inyong impormasyon ng botante, asahang matanggap ninyo ang inyong balota ilang araw pagkatapos ipakoreo.

Maaari ninyong i-track ang inyong balotang pangkoreo sa pamamagitan ng pag-sign up para sa **"Nasaan Ang Aking Balota?"** [Mag-sign up na.](#)

Ang pagboto sa koreo ay:

SIMPLE. Ang inyong balota kasama ang inyong "Bumoto Ako" na sticker ay dadating sa inyong mailbox halos isang buwan bago ang Araw ng Eleksyon.

SAFER. Pagdesisyunan ang iboboto at kumpletuhin ang inyong balota nang komportable sa tirahan.

SECURE. I-seal ang inyong nakumpletong balota sa inyong postage paid na sobre, pirmahan ito, petsahan ito, at ibalik ito kaagad sa pamamagitan ng koreo upang tiyak na matanggap ito bago ang Araw ng Eleksyon. Ang inyong pirma ay ini-rerequire para mabilang ang inyong balota!

★ ★ ★ ★ ★ **BUMOTO NANG MAS LIGTAS 2021** ★ ★ ★ ★ ★

Maaari ninyong ideposito rin ang inyong selyadong balota sa isa sa convenient na mga mail ballot drop-off location ng Tagapagrehistro. O, i-drop off ito sa opisina ng Tagapagrehistro o saanmang lugar ng botohan. Bisitahin ang sdvote.com para sa isang listahan ng mga lokasyon at mga araw.

Tip: Ang mga botante ng balotang pangkoreo na nagdesisyong bumoto sa kanilang lugar ng botohan ay dapat DALHIN ang kanilang balotang pangkoreo para I-SURRENDER, pagkatapos isang bagong balota ang mai-isyu.

MAGKAKARON BA NG MGA LUGAR NG BOTOHAN?

Oo. Kayo ay itatalaga sa isang lugar ng botohan na bukas sa Araw ng Eleksyon para sa mga espesyal na eleksyon na gaganapin sa 2021. Maging handa. Magkakaroon ng mas kaunting mga lokasyon kaysa noong mga nakaraang eleksyon, kung gayon ang inyong lugar ng botohan ay malamang nagbago. Siguraduhing pumunta sa inyong itinalagang lokasyon ng botohan. Bisitahin ang sdvote.com o tingnan ang loob ng inyong pakete ng balotang pangkoreo upang hanapin ang inyong itinalagang botohan.

Paghandaan Ang Pagboto. Markahan ang inyong mga seleksyon sa inyong sampol na balota nang maaga para kapag pumasok na kayo sa voting booth, mabilis ninyong mapupunan ang opisyal na balota.

Kung kailangan ninyong bumoto nang in-person, maaari ninyong samantalain ang maagang pagboto sa [opisina ng Tagapagrehistro](#).

Ang mga lugar ng botohan at opisina ng Tagapagrehistro ay magbubukas sa Araw ng Eleksyon mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi para sa mga espesyal na eleksyon.



Dalhin ang inyong mask. Ang Tagapagrehistro ng mga Botante ay sumusunod sa mga public health order ng County at magkaloob ng mga makatwirang accommodation kung kailangan upang siguruhing ang kalusugan at kaligtasan ng lahat ng mga election worker, botante, at observer sa aming opisina at mga lugar ng botohan.

BOTO MO. PINILI MO. KALUSUGAN MO.

Ang paghihintay hanggang sa Araw ng Eleksyon ay maaaring maging napakahirap na mapagdesisyunan sa huling oras. O sa isang kaunting preparasyon, maaari kayong bumoto nang maaga, at ang karanasan ay hindi lamang magiging mas ligtas ngunit mas maginhawa at mas madali para sa lahat. Sa alinmang paraan, sisiguruhin namin na ang bawat karapat-dapat na boto ay mabibilang.



★ ★ ★ ★ ★ BUMOTO NANG MAS LIGTAS 2021 ★ ★ ★ ★ ★